

THE STATE OF THE PROVINCE

Address by the Hon. FAUSTINO G. DY III

01 July 2011 10AM

Gov. Faustino N. Dy Sr. Session Hall

Isang maganda at mapagpalayang umaga sa lahat ng kapwa nating maninilbihan sa publiko na kasama natin ngayon – sa pangunguna ng aking partner at kaibigan, ang Mahal na Bise Gobernador at Puno ng Sangguniang Panlalawigan HONORABLE RODITO T. ALBANO III; ang mga kagalang-galang na miyembro ng ating Sangguniang Panlalawigan; mga minamahal nating Mayor ng 35 municipalities at dalawang siyudad ng Lalawigan ng Isabela, kasama ang mga miyembro ng mga Sangguniang Bayan ng bawat bayan at siyudad, at mga kawani ng pamahalaan; ang mga kinatawan ng mga batayang sector at ng iba pang mga sector sa ating lipunan; ang mga kaibigan natin mula sa mga sector ng Mangangalakal, Akademiya, Simbahan; at ang mga kinatawan ng non-government at people's organizations tulad ng Senior Citizens; mga minamahal kong kapwa Isabeliño at sa inyong lahat na aming kaibigan at bisita.

Noong naglalakad po ako papasok dito sa Kapitolyo ay isa lamang po ang nasa isipan ko: HINDI DAPAT MABIGO ANG HALOS ISA'T KALAHATING MILYONG ISABELIÑO NA MAY HANGAD NA BAGONG KINABUKASAN PARA SA LALAWIGAN NG ISABELA. (PAUSE)

Sa isang taon po ng paninilbihan ng Bojie Dy-Rodito Albano Administration, ang Lalawigan ng Isabela ay naging isang napakamalinaw na halimbawa ng TIBAY AT KATATAGAN. Hindi pa po ako nagtatagal maging Gobernador noong:

- hinagupit tayo ng Super typhoon “Juan” noong October 2010. Ang resulta nito, malawakang pagkasira ng maraming imprastruktura, pasilidad, at kabuhayan sa kapitolyo ng Ilagan;
- walang- tigil na pag-ulan noong Nobyembre 2011 ang sumunod; pagbaha sa maraming barangay, mga landslide, at higit na pahirap sa ating mga palayan at maisan naman ang naging epekto;
- subalit nariyan at kinailangan nating tuparin ang ating mga malalaking komitment sa February 2011 na maging host ng isang malaking pambansang palaro, at pangatawanan din ang paging host ng dalawang cultural events sa Marso at Mayo;
- at parang dagdag-pahirap na maulan ang naging tag-araw kaya nagpahirap sa pagpapatuyo ng ating palay at mais;
- nariyang nangailangan din ang mga OFWs natin dahil sa kanilang mga hindi nabayarang sweldo, malupit na mga amo, pagkakasangkot sa droga, at hirap sa mga political na kaganapan sa kanilang mga destinasyong bansa;

Sa **Agrikultura, Kalusugan, Peace and Order**, at **Governance**, sinalubong din tayo ng ganitong eksena:

- nagpapasaklolo ang ating mga magsasaka para sa pagseguro, pagpepresyo, at pagpoproseso ng kanilang mga produkto;

- Provincial Hospital na hindi tapos, walang mga gamut, kulang sa kama at pasilidad, ... at mga district hospital at rural health units na sira-sira, wala ring mga gamot at kagamitan... pano na ang mga maysakit na mahihirap?
- Isang DSWD na hindi makatugon sa kakulangan sa pagkain at pasilidad it iba pang mga kailangan ng mga kinakalingang bata at kababaihan na inabuso o inulila .. na ngayon ay nakatira sa Lingap Center at Women and Children Protection Center;
- Isang kalikasan na patuloy pa ring inaabuso. Walang habas na pagtotroso. Mysteryosong pagkawala ng ilang libong piraso ng nakumpiskang milyon na board feet ng trosong nakaimbak; nakalbo at hindi natamnang mga lupain na pwedeng maging sanhi ng pagbaha, landslide, at kawalan ng kabuhayan ng ating mga katutubo;
- Mga daing sa pagdalas ng krimen tulad ng illegal logging, illegal drugs trade, at nakawan;
- May 2 Billion Pesos din naman tayong Savings na inabutan diumano noong tayo ay dumating sa Kapitolyo.... subalit ang halagang ito pala ay nakalaan na sa mga bayaring utang ng ating Provincial Government.

ITO PO ANG SITWASYONG ATING INABUTAN SA ATING PAG-UPO BILANG AMA NG LALAWIGAN. **SA ARAW NA ITO**, IKINAGAGALAK KONG ILATAG SA INYO ANG KASALUKUYANG KALAGAYAN NG ISABELA, SA PANGUNGUNA NG SEKTOR NG **AGRIKULTURA**. Ang sektor na ito ay lubhang mahalaga dahil ito ang tumitiyak ng kaseguruhan ng pagkain dito sa isabela. Ito rin ang nagpapayaman sa ating ekonomiya, ang dahilan kung bakit mahalaga at iginagalang ang Isabela sa pambansang ekonomiya. Ang labis-labis nating rice and corn production ay tumutugon sa napakalaking pangangailangan ng Metro Manila at napakaraming prubinsya kung kaya't natutuwa akong ibalita sa inyong lahat na sa ating Agrikultura ngayon ay:

1. Matatag na po o STABLE ang **presyo ng ating rice and corn products**. Ito ay dahil nagbigay tayo sa National Food Authority ng 15 Million Pesos bilang price support fund. Ang price subsidy o premium fund na ito para sa pagbili ng palay at mais ay pinakikinabangan na ng 13,500 small rice and corn farmers natin.
2. Sa kasalukuyan po ay mas nakakatulog na rin ng mahimbing ang mga magsasaka ng Isabela kung saan unang isinagawa ang proyekto ng Crop Insurance. Ito ay dahil ipinasok o ini-enrol ng Provincial Government ang mga bukirin sa **insurance coverage** ng Philippine Crop Insurance Corporation. 8 Million Pesos ang inilabas ng ating Provincial Government para sa insurance premiums para sa proteksyon ng mga bukid na may sukat na 500 square meters hanggang isang ektarya. Isa itong Climate Change Mitigation Program para malabanan ang epekto ng kalamidad, peste at iba pang sakit, sa ating agrikultura at pangisdaan;
3. May sigla ang halos 40 thousand na magsasakang Isabeliño na nabiktima ng Super typhoon Juan noong 2010. Ito ay dahil sa 30 Million Pesos na ibinahagi natin para sa **Rice and Corn Subsidy Program** para maisaayos ang kanilang mga nasirang bukirin at matiyak ang tuloy-tuloy na supply ng pananim lalo na kapag tag-ulan o panahon ng baha;

4. Hindi na lamang mga pangangailangan ng mga magsasaka ang inatupag ng ating Administrasyon kundi pati and pangmatagalang benepisyo na makapag-aral ang kanilang mga anak.

Binago natin ang provincial scholarship policy at ngayon ay ipinatutupad natin ang **ONE SCHOLAR PER FARMING-FAMILY policy**. Nakabawas na po tayo sa mga alalahanin ng ating mga magsasaka dahil makakapagpatuloy na sa kolehiyo ang kanilang mga anak, lalawak ang kanilang kaalaman sa teknolohiya, at dadami ang mga oportunidad sa pag-unlad ng kanilang mga kabuhayan at komunidad.

38 Million Pesos po ang ating inilaan para sa scholarlarship ng 13 THOUSAND na estudyanteng anak ng ating mga small farmers sa Isabela State University at Philippine Normal University. Ito po naisasagawa natin dahil sa malaking suporta ng ating Sangguniang Panlalawigan, lalo na ng kanilang Presiding Officer, Vice Governor Rodito Albano III.

5. Inilalatag na rin po natin ngayon ang pagpapatupad ng plano para maiseguro sa Social Security System o **S-S-S ang mga small farmers** natin. Ito ang direkta at personal na pakinabang at regalo naman natin sa ating small farmers na nagpapatatag sa ating Agricultural Sector;
6. May sandata na rin po ang ating mga magsasaka sa mga panahon ng matinding tag-araw at pag-ulan o pagbaha. Ito ay dahil kahit 2 months pa lamang tayo bilang Gobernador, nilikha natin ang **La Niña-El Niño Task Force**. Naglabas tayo ng 10 Million Pesos para magamit sa operasyon at masugpo ang mga climate change-related problems sa ating mga bukirin.
7. 41 Million Pesos din ang naging counterpart fund na ibinigay natin para makapagpatayo ng farm water **service canals, small water- impounding projects, at farm reservoirs**. Ka-partner natin ang NIA sa operasyon ng mga service canals na siyang magsisilbing parang dam at magpapatubig sa mahigit 1,000 hectares na bukirin,,... habang naghihintay pa tayong maipatayo ang marami pang ganitong pasilidad.

Sa tulong ng NIA at DA, ang Provincial Government po ay magtatayo din ng mga struktura at mga water-impounding projects tulad ng water harvesters at mala-dam na expanded irrigation irrigation system para maabot ang mga malalayong taniman kahit sa kasagsagan ng tagtuyot o El Niño.

8. Sa kasaysayan ng Department of Agriculture sa Isabela, ang ating Administrasyon lamang po ang nagkaroon ng **Medium-Term Development Plan para sa Fisheries Sector**. Ang ganitong maingat na pagpapalano ang dahilan kung bakit 100 days pa lamang po tayong Gobernador, 1 Million Fingerlings na po ang nai-disperse at naibahagi natin sa ating mga fisherfolk sa iba't-ibang bahagi ng Isabela. Umabot na nga po ngayon sa mahigit 1.5 Million fingerlings na ang naipamahagi natin;

9. Nasasagot na rin ang mga suliranin ng ating mga magsasaka patungkol sa kakulangan ng **post-harvest facilities at modern farming technology**. Ito ay dahil nagbigay tayo ng ilang milyong pisong ipinambili ng mga tractor, modern farm equipment, pagkumpuni sa 18 units ng 4-wheel drive tractors, at para sa konstruksyon ng farm-to-market roads, multi-purpose drying pavements, at ng dalawang mobile post-harvest facilities nagkakahalaga ng 3.3 Million Pesos bawat isa. Bahagi ito ng Agriculture and Fishery Equipment Pooling Program para mapagbuti ang pagpapatuyo ng mga produktong agrikultura, mapahusay ang mga prosesong ginagamit, at para matiyak at mapanatili ang mataas kalidad o uri ng produkto upang sa gayon ay mapataas ang presyo nito sa merkado.

10. Ang ating agrikultura ay mas masigla at puno ng pag-asa na rin ngayon dahil ang mga agricultural organizations ay may maaasahang **Kooperatiba** na siyang magpapautang sa kanila ng pondong magagamit para sa agribusiness. Ito ay dahil binigyan natin ng 30 Milyon Pesos ang Cooperative Fund para maipatupad ito;

11. Sa atin pong Administrasyon, mas malakas na po ngayon ang **tinig o boses** ng Lalawigan ng Isabela sa pambansang kalakalan, na ang ibig sabihin ay higit na paggalang at atensyon ang ibinigay sa atin. Ito ay dahil.. sa estado nating Numero Uno sa Corn Production at Number 2 sa Rice Production,..malaki ang ating pakinabang sa pambansang ekonomiya. Ginamit natin ang lakas ng ating tinig sa pag-impluwensiya ng isang mahalagang polisiya ng pamahalaan na maaaring makasira ng ating Agrikultura.

Sa ilalim ng pamumuno ng ating Bise Gobernador Rodito Albano, ang ating Sangguniang Panlalawigan ay nagpasa ng resolusyon para ipabatid sa ating Pangulong Benigno Aquino na ang lalawigan ng Isabela ay **kontra sa rice importation**. Ang hakbang na ito ay para mapanatili nating matatag ang ating agriculture production nang walang pag-aalinlangan sa usapin ng pagprepresyo. Mas nakakapagpalakas ng loob at morale ng ating magsasaka ang epekto ng hakbang na ito ng ating Sanggunian.

Dahil balitang-balita nga ang ating katatagan at tibay bilang isang ekonomiya at lalawigan na may mayaman na human capital at natural resources, ang Isabela ay napiling lokasyon para sa pagbuo ng Local **Convergence** Agro-Enterprise Clusters ng mga Kagawaran ng Agriculture, Environment and Natural Resources, at Agrarian Reform. Ang investment na ito para pagsama-samahain ang ilang mga magkakaugnay na kalakal ay nagkakahalaga ng 16 Billion Pesos at magdadala ng pakinabangan sa ating rice, coffee, at sugarcane industries.

Ang rice cluster na may sakop na 41 thousand hectares ng riceland ay makikinabang sa irrigation projects na itatayo sa ilalim ng inisyatibong ito. Karagdagang 330,000 metric tons ng palay ang inaasahan nating aanihin dahil dito. May lawak na 700 hectares and coffee cluster at 11,000 hectares naman ang sugarcane cluster na itatatag. Talaga pong

ipinagpapasalamat natin ang pangyayaring ito dahil bukod sa pagpapalago ng tatlong industriyang ito, ang Convergence Project ay lilikha rin ng **Hydroelectric Power Plant** na susuplay ng 100Megawatt na suplay ng kuryente at karagdagang post-harvest facilities.

Dahil din po sa Numero Unong estado ng Isabela sa Corn Production, tayo po ang naging host ng **National Corn Congress** noong Oktubre, sa bayan ng Reina Mercedes. Dinaluhan ito ng mga ministro ng agrikultura ng ibang mga bansa at mga international experts sa pagmamais at sa agricultural technology, at ng Pangulong Benigno Aquino. Kaugnay nito ang pagpapasinaya sa **MINDANAO GRAINS FACILITY**, ang pinakamalaking post-harvest facility sa Southeast Asia na nagkakahalaga ng 773 Million Pesos. Sa pagkakaroon ng ganitong pasilidad ay tiyak na magpapaigting sa produksyon ng Isabela Yellow Corn na sa huling datos ng DA ay umaabot sa 21% ng total yellow corn output ng bansa.

12. Matatag na **Livestock Industry**. Ito rin po ang mayroon tayo, salamat sa ating mga beterinaryo. May 45 THOUSAND livestock raisers ang nabigyang-benepisyo ng ating mga beterinaryo, lalo na sa mga serbisyong tulad ng vaccination, deworming, at iba pang serbisyo para sa proteksyon ng ating mga hayop laban sa sakit tulad ng Cholera at Rabies.

Mula sa pondo ng Gobernador ay nagbigay tayo ng 5 Million Pesos na financial assistance sa **Dairy Producers** para maitatag ang Milk Collection Center at Dairy Processing Plant na matatawag nating sariling atin.

SA ASPETO NAMAN NG **KALUSUGAN**, ANG MGA MAMAMAYAN NG ISABELA AY NAGTATAMASA NA NGAYON NG MGA BENEPISYO MULA SA PINAHUSAY NA HOSPITAL AT PUBLIC HEALTH SERVICES NATIN.

1. Naisaayos, mas maganda, mas malinis, at may mga kagamitan na ngayon ang Governor Faustino N. Dy (**GFND**) Memorial Hospital na itinuturing nating Isabela Provincial Hospital at pinakamalaki sa lalawigan ng Isabela.

Naisaayos na rin ang lahat ng **district hospitals** natin at mga municipal hospitals sa lalawigan matapos nating ilabas ang halagang 40 Million Pesos para sa repair at rehabilitasyon ng mga ospital na ito. Sa bawat municipal hospital na ipinasara noong nakaraang Administration, 5 na milyong piso ang ating inilabas para rin sa pagsasa-ayos ng mga ito.

Sa loob lamang ng isang taon, may mahigit 39 thousand na po ang napagsilbihang in-patient at out-patient ng ating Provincial Hospital at ang patuloy nating pagsasa-ayos ng mga pasilidad nito at ng ating mga district hospital ay higit pang magpapaluwag sa kalagayan ng ating mga pasyente sa mga darating na araw.

2. **Pinahusay na serbisyo at kakayahan** ng ating mga health professionals ang ngayon ay naghihintay sa mga Isabeliñong pasyente sa alinman sa ating apat na district hospitals,lalo na sa ating Provincial Hospital na Governor Faustino N. Dy Memorial Hospital. Ito ay dahil kinontrata natin ang serbisyo ng 39 private

medical practitioners at karagdagang 633 nurses para makasama sa ating mga hospital staff. Nagdagdag tayo ng mga kama sa ating mga District Hospitals sa Echague, Roxas, Cauayan City, at Cabagan. Mayroon na pong maraming gamot at medical supplies sa ating mga hospital, municipal health center, at rural health units dahil 97 Million Pesos na halaga ng gamot, medical at surgical supplies, at medical equipment at instrument ang pinamili.

Ang sabi nga po ng ating PHO, mas marami daw pong mga **procurements** mula July 2010 hanggang ngayon kaysa sa pinagsama-samang procurements ng anim na taon bago tayo maupo. Nagpapasalamat po tayo kay Vice Governor Albano at ang Sangguniang Panlalawigan sa kanilang suporta para magawa ito.

Nagpapasalamat din po tayo sa mga **Aid Donors** sa Canada tulad ng Universal Aid dahil nakapagbigay po sila ng mga karagdagan kagamitang pang-ospital tulad ng kama. Malaki ang naitulong ng mga donation at procurement na ito para mapangat ang kalidad ng serbisyo sa ating mga ospital.

3. Napapanatili po natin ang kawalan ng malaking outbreak o pagkalat ng **Dengue** Cases sa Isabela kahit tumaas ang bilang ng Dengue Cases sa Region 2. Ito ay dahil 5 Million Pesos po ang inilabas nating pondo para sa Anti-Dengue Campaign na isinagawa ng binuo nating Task Force laban sa Dengue;

Ikinatutuwa po natin na sa nagdaang taon ay hindi tumaas at kumalat ang mga maraming sakit dahil sa sigasig ng ating gobyerno sa pamamagitan ng PHO para magsawa ng mga pagsasanay, magbahagi ng impormasyon at kaalaman, at patuloy na pagsusuri sa publiko, lalo na sa mga pasyente.

4. Naibalik na po ng Dy-Albano Administration ang **Provincial Health Care Program** at 30 Million Pesos po ang itinalaga ng Provincial Government para dito. Kasalukuyan po itong pinapalaganap sa buong probinsya para sa mga opisyal at kawani ng Provincial Government, mga local government units at barangays, National offices, mga indigents o mahihirap at walang kakayahang magbayad ng buwanang premium, at mga indibidwal na hindi empleyado ng gobyerno pero gustong magka-card at may kakayahang magbayad ng premium.

Ang Provincial Health Care system ay isang uri ng insurance at sasagot sa hanggang 150 Thousand Pesos na gastusin sa mga operasyon, gamot at gamit sa Provincial Hospital ng mga pasyente. Isang napakagandang partner po ito ng Philhealth Card. Kung ang pasyenteng may Health Card naman po ay nangangailangan ng mas modernong kagamitan at atensyon, maari po silang magpagamot sa tatlong pribadong ospital na kaagapay ng Provincial Government sa proyektong ito- ang Cauayan City Medical Specialists Hospital, De Vera Hospital sa Santiago City, at Isabela Doctors General Hospital sa Ilagan. May mga 22 tauhan po ang DSWD at ang upisina ng Provincial Administrator sa lahat ng apat na district hospital at sa Governor Faustino Dy Memorial Hospital para mapadali ang pagproseso ng paglipat. Sa kasalukuyan ay mahigit 53 thousand na ang ating nai-enrol sa Provincial Health Care;

5. Nasa mas mahusay na position na po ang ating Provincial Government para magpatupad ng ating **nutrition** programs dahil nagpatawag tayo ng isang

Nutrition Summit para malaman ang pasikot-sikot ng suliranin tungkol sa hindi tamang nutrisyon. Maliban sa pagsulong sa incentive program na magbibigay-inspirasyon sa ating mga bayan, barangay nutrition scholars, at barangay nutrition committees, ang ating mga health workers ay nagbahagi ng kaalaman at nagbigay ng mga payo tungkol safamily planning, parenthood, maternal care, at nagtagumpay sa kampanyang pagbabakuna sa mga sanggol at ina;

Mula sa 172 na **Botika ng Barangay** noong 2009, mayroon na po tayong 221 sa Isabela .. na ang ibig sabihin ay 29 Botika ng Barangay ang ating naitatag sa nakaraang labindalawang buwan... at marami pa po ang ating gustong itatag na botika sa ating malalayong barangay para naman may mabilhan sila ng mga gamot.

SA USAPIN NAMAN NG **PEACE AND ORDER AT SECURITY**, MASASABI PO NATIN NA ANG ISABELA POLICE PROVINCIAL OFFICE, ANG ATING MGA TAGAPAGTANGGOL NG PEACE AND ORDER, AY MAS MAY KAKAYAHAN NANG RUMESPONDE AT MAYROON NA NGAYONG SAPAT NA KAGAMITAN SA KANILANG PAGSERBISYO SA MGA ISABELIÑO.

1. Ito ay matapos nating magbigay ng 20 million pesos para sa pagsasaayos ng kanilang mga tanggapan at kagamitan sa trabaho. Siyam na patrol vehicles, search and rescue equipment tulad ng rubber boats, life jackets, at flashlights ang ating ibinigay sa kanila. Modernong communications equipment at motorcycle units naman ang ating kontribusyon para sa kanilang mabilisan at mahusay nilang aksyon sa panahon ng kalamidad.
2. Mas agresibo na ngayon ang ating PNP sa pagsugpo ng krimen dahil ang pisikal na pagbabago sa ating PNP ay sinamahan natin ng malalim na pagtalakay sa estado ng peace and order sa Isabela. Pinulong natin sa kauna-unahang pagkakataon matapos ang napakaraming taong pananahimik ang Provincial Peace and Order Council o **PPOC** na dinaluhan ng mga Punong-Bayan, ABC Presidents, Sangguniang Panlalawigan, at ng taga- PNP.
3. Ang pinalakas nating kapulisan at **pinaigting nating kakayahan** nila ay nagbunga naman ng maganda. Nagresulta ito sa pagkakahuli ng mga elemento ng bawal na droga, murder, sa **pag-neutralize** ng mga armadong grupo, at mabilis na pagresponde sa mga tawag tungkol sa mga nagaganap na krimen. Wala na pong magnanakaw ng baka at kalabaw dahil nabuwag na natin ang grupong gumagawa nito. Ang police visibility at responsiveness ay nagbunga rin ng resulta sa anti-illegal logging campaign ng ating gobyerno. Mula noong July 2010 hanggang June 13 ng taong ito, may mahigit 136 thousand nang boardfeet ng illegal na kahoy ang nakumpiska ng ating PNP.
4. Maging ang kasundaluan ng Philippine Army dito sa Isabela ay mas malakas at maalam na ngayon lalo na pagdating sa **disaster preparedness**. Binago natin ang organisasyon ng Provincial Disaster and Risk Reduction Management Council at ipinag-utos natin ang pagsuplay ng mga kagamitan sa rescue at pagsasanay ng mga indibidwal na mangunguna sa search and rescue, evacuation, relief

operations, at rehabilitation noong Agosto. Nagamit ang mga kaalamang ito noong binagyo po tayo ni Typhoon Juan noong Oktubre.

5. Binigyan natin ng suportang pinansyal ang Philippine Army dito sa Isabela bilang suporta sa kanilang **counter-insurgency** efforts at mga operasyon kung saan ay kaagapay nila ang ating kapulisan. Kinailangan na gawin ito ng ating Provincial Government dahil ang PNP at AFP ang sumeseguro sa probinsiya at ka-partner ng gobyerno sa pagtitiyak ng kaligtasan ng publiko at para mapanatili na isang mapayapa, maayos, at magandang pamayanan, tirahan, at investment location ang Isabela.

ANG GOVERNANCE O PAMAMAHALA SA ATING LALAWIGAN ANG ISA SA APAT NA PINAKAMALAKING HAMON SA ATING UNANG TAON NG PANUNUNGKULAN. ITO AY DAHIL SAKOP NG ASPETONG ITO ANG MARAMING BAHAGI NG ATING SERBISYO PUBLIKO, LIPUNAN, AT PANG-ARAW-ARAW NA BUHAY.

Hindi lamang po ito isang polisiya na ating ipinatutupad kundi isang misyon kung ituring ng Administrasyong ito. Sa aspeto ng pamamahala ay ikinatutuwa kong ibalita ang estado n gating lalawigan:

1. Alam nating napakahalaga ng **INFRASTRUCTURE DEVELOPMENT** dito sa Isabela dahil ang mga lansangan natin ay susi para hindi masayang ang surplus producer status natin at maging mabilis at maayos ang pagbiyahe ng ating mga produkto sa Maynila at sa ibat-ibang bahagi ng Luzon.

Matuwa po tayo dahil mas naalagan po ngayon ang ating mga kalsada. May inilabas po kasi tayong 205 Million Pesos na pondo para sa road maintenance. Nakumpleto na po ang pagsesemento sa mga bahagi ng Provincial Road at ang regravelling ng maraming bahagi ng Provincial Road sa iba't-ibang lugar sa prubinsya. Bukod sa mga kinumpuni at itinayong bagong eskwela, naipagawa na rin ng ating Provincial Engineer's Office ang Emergency Lobby ng GFND Memorial Hospital at ang repair at rehabilitation ng mga iba't-ibang ospital sa Cabagan, Ilagan, Cauayan City, Echague, Roxas; ng main building ng Cabagan Breeding Station; ng ilang sira-sirang bahagi ng Provincial Capitol at Isabela Sports Complex, kasama na ang mga sports dormitory at swimming pool.

Naglabas din po tayo ng 60 Million pesos para sa pagbili ng mga heavy equipment at sasakyan na eksklusibong gagamitin sa provincial road construction at maintenance. Nasasabik na rin tayong makita ang sinimulan nating Capitol Park, Girl Scout Dormitory, ang itinatayong perimeter fence ng Provincial Jail, at ang repair at improvement work sa ROxas District Hospital, pati na ang streetlighting project sa kahabaan ng Capitol Road Network.

Bago magpasko ay inaasahan nating matapos ang mga ito, pati na ang pagsasa-ayos ng ilang national roads. Noong nakaraang lingo nga po ay inanyayahan natin si Monsignor Rapadas para sa blessing ng ating bagong VOLVO GRADER na nagkakahalaga ng 17 Million Pesos. Kasama ito sa 400

Million Pesos na halaga ng 1-5sari-saring kagamitang binili natin para sa iba't-ibang tanggapan, ospital, at ahensiya ng gobyerno.

2. SA USAPIN NAMAN NG **ENVIRONMENT PROTECTION**,

Ang sitwasyon po ay ganito: Malungkot po ngayon ang mga illegal loggers at miners dahil marami sa kanila ang nahuhuli at nabawasan ang dati nilang malaking kinikita. Subalit masaya naman ang ating kalikasan at matutuwa sa atin ang susunod na henerasyon ng mga Isabelino. Ito ay matapos tayong maglabas ng NO LOGGING, NO COAL MINING POLICY sa buong prubinsya noong maupo tayo. Idineklara natin ito noon pang 2010 at noong February 2011 ay natuwa tayo dahil naglabas ang Pangulo ng NO LOGGING policy kaya't lalong tumibay ang ating paniniwala na tama ang naging desisyon natin.

Mahigit 136 thousand boardfeet na ng illegal na troso ang nakumpiska ng ating PNP mula noong Hulyo 2010. Ang inutusan nating Multi-Sectoral Team para mag-imbetiga sa inulat na illegal na pagmimina sa tatlong barangay sa Dinapigue ay nagresulta sa permanenteng pagpapakansela natin sa permit ng kumpanyang GEOGEN Corporation at OVMPC at pagkumpiska ng mga Nickel na namina nila.

Nakansela na po ang mga SIFMA o Socialized Industrial Forest Management Agreements ng mga forestland leaseholders at occupants na hindi nagtanim o nagreforest sa mga open at nakalibang bahagi ng kagubatan sinasakop nila. Kailangan po kasi nating maseguro ang sustainability ng pagkukunan ng ating mga forest products kaya't kailangan maging istrikto tayo sa pagpapatupad ng ating polisiya. May 27 lumber dealers po ang ating pinasuspindi, gayundin ang ilang mga operasyon ng pagmimina sa Jones, Ilagan, at San Mariano.

Ang target nating tamnan ng puno na 100 hectares sa bawat distrito ay malapit nang mapunan. Isa sa mga kauna-unahang Executive Order natin ang maitatag ang Task Force on Environment Protection para maipatupad ng mahigpit ang ating polisiya sa kalikasan at kapaligiran. Kaagapay ditto ang mga kaibigan natin sa private sector, akademiya, at simbahan.

Mas protektado na ngayon ang ating mga kagubatan dahil sa Task Force na ito na naglagay ng 7 monitoring checkpoints. Bunga nito, labindalawang kaso ng illegal logging ang sa ngayon ay nakasampa sa Provincial Prosecutor's Office. May 80 THOUSAND boardfeet ng assorted forest products din ang nagresulta mula rito.

Mas marurunong na tungkol sa mga batas para sa kalikasan ang mga inatasan nating magbantay dito. Ito ay dahil ipinag-utos din natin ang PARALEGAL TRAINING para sa ating law enforcers at iba pang kasapi sa kilusan upang sa gayon ay mas marunong sila sa Forest at iba pang Environmental Laws at hindi sila maiisahan ng mga kriminal at mga partidong nagsasamantala sa ating likas na yaman.

3. Sa **EDUKASYON, SOCIAL WELFARE, AT IBA PANG SERBISYO..MASASABI NATIN NA SA NGAYON...**

Ang Isabela ay isa na sa pinaka-mahusayna lalawigan sa Pilipinas pagdating sa paglikha ng oportunidad para sa edukasyon ng kabataan, at sa paglikha ng child-friendly environment.

Mas malawak na po ngayon ang provincial scholarship program ng Provincial Government. Ito ay dahil sa ilalim ng Bojie-Rodito Opportunities or BRO for Education, nagkaroon tayo ng ONE SCHOLAR PER FARMING FAMILY POLICY para siguradong makapagtapos ang isang myembro ng pamilya ng isang magsasaka.

402 scholarships para sa mga honor graduates ng high school ang ating naipamahagi. May dalawampu na ang nakapagtapos sa ilalim ng programa, samantalang sa ISU at iba pang state universities at 19 private schools naman nagagamit ang karamihan sa scholarships na ito.

12,203 scholarships para sa mahihirap na estudyante din ang ating ibinigay para magamit sa mga Isabela State University campuses at sa Philippine Normal University. Sa bilang na ito, 9,152 ang galing sa pamilya ng magsasaka, tanda ng suporta ng Administrasyong ito sa ating mga magiging na magsasaka.

Ang ganitong pagsuporta natin sa edukasyon at kabataan ang naging inspirasyon natin sa matagumpay na pagdaraos ng 2011 **National SCUAA Games** noong Pebrero kung saan mainit nating tinanggap ang halos limang libong bisita mula sa iba't-ibang rehiyon ng Pilipinas. Tumanggap po tayo dito ng maraming papuri at paghanga mula sa ating inestimang mga bisita at mga turista at opisyal ng mga kolehiyo at unibersidad na nakaranas ng pambihirang hospitality ng mga taga-Isabela. Hinangaan po tayo dahil sa ating pambihirang kakayahan na bumangon mula sa epekto ng pinakamalakas na bagyong humagupit sa bansa; at kakayahang ngumiti at maging masipag sa pagtanggap ng mga bisita sa isa sa pinakamalaking pagtitipon ng mga paaralan sa bansa, bilang suporta natin sa Education at Sports Development.

Bilang pagkilala rin sa mga ambag ng ating mga dakilang guro sa mga pampublikong paaralan, inilalatag na rin po ng Provincial Government ang isang Special Program para sa Teachers. Ito ay isang Special Assistance Program kung saan ang ating mga guro ay mabibigyan ng oportunidad at kalayaan na magtatag ng uri ng pagkakakitaan na magpapaluwag sa kanilang kasalukuyang kabuhayan.

Iniuulat ko rin po na sa isang taon ng aking Administrasyon, mas tahimik at kumportable na ring namumuhay ngayon ang mga inabusong kababaihan at kabataan, pati na ang mga naulilang bata sa ating Woemn and Children Protection Center o WCPC. Mayroon din po silang benepisyong counseling at spiritual guidance. Pinalabas po natin ang ponding kinakailangan para makumpleto ang WCPC at ang pitong kwarto nito na kanlungan ng mahigit 50

victims ng rape, kapabayaan at abuso. Hanggang 30 clients po ang kayang manirahan ditto. Napakadisenteng tahanan kung saan pwede ring matutong magbasa, magdasal, magluto at iba pang livelihood training and mga alaga ng DSWD.

Ang Lingap Center rin po ay ating inalagaan sa nagdaang isang taon. Pinaayos natin ang mga bubong nito, water system, at sanitation facilities 110 child victims naman po ng maltreatment, child labor, at neglect ang naserbisohan dito. Marami sa kanila ay nakabalik na rin sa kanilang pamilya. Tiniyak ng Provincial Government na ang mga alaga sa Lingap Center ay magkaroon ng mga kapaki-pakinabang na training tulad ng Reflexology, o di kaya ay makapagtapos ng elementaryang edukasyon, at mapanumbalik ang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng pagsali sa sports at iba pang mga aktibidad.

Ang mga kababaihan natin ngayon ay mayroon na ring tinig sa ating pamahalaan. Dahil sa kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng Sangguniang Panlalawigan, tayo po ay nakapag-appoint na ng **Women's Sector Representative** para maging miyembro ng Sangguniang Panlalawigan. Na-reorganize na rin po ang Isabela Green Ladies Organization o IGLO at sa tulong din ho ng organisasyong ito na pinamumunuan ng aking maybahay na si ANN DY, nakakatiyak na rin po tayo na ang mga suliranin at isipin ng mga kababaihan ay mabibigyang pansin sa ating sistema ng pamamahala.

Ngayon po, ang mga **Daycare** schools na pinatatakbo po ng Isabela Provincial Government ang pinaka-child-friendly na yata sa lahat. Pinagsanay o training na po natin sa Early Childhood Care and Development ang lahat ng 1,200 (mahigit) isanlibong Daycare workers natin sa lahat ng bayan sa buong prubinsiya para sa mas ikagagaling ng kanilang pagtuturo at pag-aruga sa mga batang naiwan sa kanilang pangangalaga. Ibinuhos rin natin sa mga Daycare Centers sa 29 municipalities ang 20 milyon na halaga ng mga pambatang libro—15 Million mula sa SN ABOITIZ POWER MAGAT, INORPORATED at 5 Milyon na halaga ng libro mula sa Provincial Government. Tayo po ang pumili ng mga librong ito para matiyak na akma ang mga ito sa pangangailangan ng mga bata. Naipamahagi na rin po sa mga munisipyo ang mga chekeng may kabuuang halaga na 43 Million Pesos para sa supplemental feeding ng mga daycare students sa Isabela.

Namahagi na rin po sa 785 beneficiaries ang Provincial Government, DSWD, at Tanggapan ng Bise Presidente Jejomar Binay, ng Core Shelter Assistance na nagkakahalaga ng 59 Million Pesos. Ang mga beneficiaries ay galling sa siyam na bayan na dumanas ng pinakamalalang epekto ng bagyo.

Sa pamamagitan din ng ating Provincial Social Welfare Office ay naipamahagi rin ng gobyerno ang Social Pension ng halos isang libong senior citizens ng Isabela, ang rice subsidy sa mga mangingisda at mga nawalan ng tirahan at trabaho dahil sa trahedyang at kalamidad, 775 units ng core shelter projects para sa mga nawalan ng bahay o walang bahay, at ang pagpapatuloy ng Pantawid Pamilya Program, at pagpondo sa tulong-pangkabuhayan sa tulong ng mga asosasyon.

Isinusulong po kasi natin ang isang makataong pamamahala kaya inuulat ko rin po sa inyo na sa harap ng lahat ng serbisyong ito, hindi natin kinalimutan ang ating mga bilanggo. Mas maganda na rin po ang pagkain ng ating mga preso dahil kasabay ng ating pag-taas ng food allowance ng ating mga alaga sa Lingap Center at Women and Children Protection Center, itinaas na rin po natin ang **food allowance** ng ating mga bilanggo sa Provincial Jail. At inaasahan ko rin na sa proyektong Pantawid Pamilyang Pilipino Program o **4Ps** ay wala na po tayong maririnig na problema dahil lumikha tayo ng Advisory Committee para maplantsa natin ang mga gusot dito.

Mayroon din po tayong Legal Aid Program at ang mga abugado sa ating Provincial Legal Office ay lagi pong nakahandang magbigay-serbisyo sa ating mga mahihirap na kababayan. Wala po tayong gustong mapag-iwanan na aspeto ng pamamahala sa ilalim n gating Administrasyon.

Kasama sa serbisyong naibigay natin ang proteksyon sa karapatan ng manggagawang Isabelino. Nitong nagdaang taon, ang ating **Migrants' Desk** na ginawa na nating permanenteng tanggapan, ay tumugon sa halos 600 na OFW cases. Kasama sa bilang ang mga OFW na may problema sa poor working conditions, non-payment of wages, harassment, abuse, at pagpapauwi ng mga labi ng napaslang o namatay na OFW.

Kasama po sa mga napagsilbihan natin ang 272 OFW families na nasalanta ng Super typhoon Juan at nabigyan ng financial assistance ng OWWA dahil sa ating Migrants' Desk. Ang Provincial Government natin ay nag-abot ng financial assistance naman sa mga OFW na napauwi mula sa Libya.

4. Ang Isabela ay madalas na dinadalaw ng bagyo na minsan ay may kakambal o kasunod na pagbaha. Ikinagagalak kong ibalita na sa ating Administrasyon ay mas may kahandaan na tayo pagdating sa **CALAMITY MANAGEMENT**.

Reorganized na rin po ang ating Provincial Disaster at Risk Reduction Management Council o PDRRMC. Ito ay para mapatatag ito at makahimok ng mas maraming partisipante sa mga tanggapan ng gobyerno pagdating ng panahon ng kalamidad. Tatlong training po ang pinagdaanan ng mga miyembro nito para mas magaling nilang maisagawa ang mga search and rescue operations at para rin makapagbahagi sila sa mga eskuwelahan, estudyante, guro, at mga taga-barangay ng kaalaman para sa kaligtasan at kapakanan nila sa panahon ng kalamidad.

Inaprubahan natin ang 10 Million pesos para sa operasyon ng PDRRMC, kasabay ng ating pagbibigay sa PNP at AFP ng mga kinakailangang mga kagamitan at supply sa search and rescue operations.

5. May katunayan na rin tayo na ang Administrasyong ito ay pantay at makatao at nagnanais na maisulong at maiangat ang **BARANGAY CAPACITY** at

mapalaganap ang **LIVELIHOOD OPPORTUNITIES** para sa nakararaming mga kababayan natin.

Agad-agad nating pinalabas ang 113 Million Pesos na pang- pondo sa mga special projects sa 452 barangays n gating prubinsya. Noong Setyembre ay nagbigay tayo ng 150 THOUSAND Pesos sa bawat isa sa mga barangay na pinaka-nangangailangan ng saklolong pangkabuhayan. Ibinalik rin natin ang death at burial benefits sa mga indigent barangay residents. Nagpamahagi rin tayo ng 4,700 toilet bowls, 2 thousand jetmatic pumps, 878 nebulizers, at 500 weighing scales para sa mga sanggol.

Iniutos din po natin ang paglagak ng 3 Million Pesos sa Employees' Cooperative sa Kapitolyo dahil gusto nating umasenso an gating mga kawani sa pamamagitan ng pagpondo sa piggery, poultry, at vegetable farming, o ano pa mang livelihood venture na kanilang naisin.

Ang suporta sa 1,600 registered cooperatives sa Isabela ay determinadong naibigay ng Provincial Government sa pamamagitan ng pagpapalakas ng Provincial Cooperative Development Office or PDCO.

Kabahagi ng PDCO ang ilang pribadong organisasyon sa mga proyektong nakakapagbigay ng trabaho tulad ng reforestation at pagsulong ng teknolohiyang may kinalaman sa agrikultura.

Binuhusan natin ang PDCO ng 30 Million Pesos at tumatanggap na ito ng mga business at project proposals na mapopondohan. Bukod pa ang halagang ito sa dating budget nitong 8 Million Pesos para sa cooperative livelihood development projects. Muli tayong nagpapasalamat sa malaking suporta ng Sanggunian na kaisa natin sa paniniwalang nagpapasigla ng local na ekonomiya ang kooperatiba at isa itong susi sa pag-angat ng kabuhayan.

6. Ang estado ng Lalawigan ng Isabela ngayon ay talaga namang matatag. Sa nakaraang isang taon, nakita natin na ang ating lalawigan ay hinog na sa pagiging INVESTMENT HUB para sa mga agri-industrial at eco-tourism developments.

Isang pagsang-ayon sa direksyong tinatahak at kasalukuyang estabdo ng Isabela ang pagdagsa ng mga mamumuhunan sa sa ating prubinsya. Sa nakaraang isang taon, nakita natin na natuloy ang pagdating ng mga malalaking investment nina Ginoong Henry Sy at Ginoong Gokongwei, ang Save More at Robinson's Supermarket. Pinasinayaan mismo ng Pangulong Benigno Aquino ang pinakamalaking Corn-Processing Plant sa Southeast Asia na itinayo sa Reina Mercedes kung saan ginanap ang National Corn Congress noong Oktubre. Ang Filipino-Japanese investment naman na pinaka-malaking bioethanol plant sa Pilipinas ay itinatayo sa San Mariano at nagkakahalaga ng 60 Billion Pesos. Ito ay magtatayo naman ng bandila ng Isabela bilang pinakamalaking pagkukunan ng natural na enerhiyang ethanol na magpapatakbo sa ating mga sasakyan at industriya.

Ang investment na ito ay lalong magpapatingkad sa reputasyon ng Isabela bilang isang major backbone ng pambansang ekonomiya. Ang bioethanol production dito ang susi para gumanda ang presyo ng langis sa ating bansa at sa pagbabawas natin ng oil imports na magresulta naman ng dollar savings para sa ating bansa.

Napili rin ang Isabela bilang lokasyon ng 100-Million Dollar Paper Processing Plant investment ng isang Korean-Filipino business conglomerate. Ang plantang ito ng papel ay gagamit ng mga corn stalks at mga hindi na mapapakinabangang bahagi ng tanim. Mababawasan nito ang polusyon dahil hindi na ito susunugin, at magkakaroon ng maraming bagong trabaho sa kabukiran, at lalaki rin ang kita n gating mga magbubukid.

Sinimulan na rin nating tuparin an gating pangarap na maging premier investment destination sa industriya ng eco-tourism. Ito ay sa pamamagitan ng pagpapatupad sa ating Coastal Development Project sa mga bayan ng Divilacan, Dinapigue, MAconacon, at Palanan. Ang rehiyong ito ay ipinagmamalaki natin dahil sa likas na ganda ng mga tanawin at yamang-dagat. Sinisiguro natin na sa pagtupad sa layunin ng proyektong ito, ang ating mga katutubong Isabeliño, mga likas na kayamanan, magagandang kagubatan, at malinis na kapaligiran ay napapangalagaan. Ito ang binabantayan ng ating Task Force on Coastal Development.

Bago po natin makalimutan, nakalinya po sa mga tourism goals natin ang pagpapasigla sa ating kultura at sining. Ang nakaraang pagdaraos ng 155th Foundation Anniversary ng Province of Isabela noong Mayo ay kauna-unahang ISABELA DAY celebration ng Administrasyong ito at kapanabayan nito ang pagbuhay sa BAMBANTI FESTIVAL na pinaka-grande at pinakamalaki sa ating kasaysayan. Naging napakalaking tagumpay po nito at lumikha ng ingay para sa ating lalawigan.

Sa umagang ito, muli akong nagpapasalamat sa bawat isa sa inyo...mga Department Heads sa Provincial Government, mga kawani ng Kapitolyo mula sa mga volunteers, janitors, mga casuals na nagsi-ambag para sa ikatatagumpay ng Bambanti Festival, Isabela Day, at syempre sa buong **unang taon ng Administrasyong Bojie Dy-Rodito Albano.... Maraming salamat po sa inyong lahat.**

EXTRO:

Mga minamahal na Isabeliño, iyan po ang ating kasalukuyang sitwasyon sa prubinsya at mga naganap na pagbabago sa nakaraang taon. Subalit pangarap ng Administrasyong ito ang isang mahalagang bagay: ang makamit ng ISABELA ang pagiging agro-industrial investment capital ng hilagang Pilipinas; ang kinabukasan na nararapat lamang naman para sa isang lalawigan na may **mataas na estado**. Opo, mataas talaga ang estado ng Isabela kung ihahambing sa lahat ng prubinsya sa buong bansa dahil ..

- ✓ HINDI NATIN HINAHAYAAN NA ANG PAGKAWASAK NG ATING MGA TAHANAN, TANIM, AT KABUHAYAN ANG MAGPAPATIGIL AT MAGPAPABAGAL

SA ATING BUHAY AT MAGPAPADILIM SA ATING KINABUKASAN... KAYA NAMAN PINAGKAKATIWALAAN TAYO NG MGA NEGOSYANTE DAYUHAN MAN O TAGA-LABAS NG LALAWIGAN.

- ✓ PAULIT-ULIT TAYONG BUMABAWI AT NANGUNGUNA PA SA PRODUKSYON NG YELLOW CORN AT BIGAS NA SOBRA-SOBRA SA ATING PANGANGAILANGAN. KAYA NAMAN RICE AND CORN GRANARY OF THE PHILIPPINES ANG TAWAG SA ATIN.
- ✓ KUNG KAYA NATING SAKYAN ANG MALULUPIT NA HANGIN, HAYAAN NATING ANG KAKAIBANG LAKAS NATIN NA ITO ANG MAGDALA SA ATIN SA PANGARAP NATING KINABUKASAN.

IPAGPATULOY PA NATING ITAYO ANG MGA IBA PANG PUNDASYON NA KAILANGAN NATIN PARA SA KATUPARAN NG ATING MITHIING KINABUKASAN.

Patuloy ninyong samahan ang Administrasyong ito-- ang inyong Gobernador Bojie at Bise Gobernador Rodito—sa paglikha ng mga bago at makabuluhang kabanata sa ating kasaysayan. MARAMING SALAMAT AT MAGANDANG UMAGA PO SA INYONG LAHAT!